

Si Tamboing Butanding




Kuwento ni
Virgisary Alice G. Oafallas

Guhit ni
Nelson M. Vergara







Mga Kasanayan sa Pagkatuto

*Naisakikilos ang mga paraan ng pagpapanatili ng kalinisan,
kalusugan at pag-iingat ng katawan (EsP2-**PKP-Id-II**).*

*Nakapagpapakita ng kakayahang labanan ang takot kapag may
nangbubully (EsP2**Pk-P-Ic-10**).*



Treasury of Storybooks

.....

This storybook is a product of the National Competition on Storybook Writing 2019 of the Department of Education.

Pursuant to the Intellectual Property Code of the Philippines. No copyright shall subsist in any work of the Government of the Philippines. However, prior approval of the Department of Education shall be necessary for exploitation of such work for profit. DepEd may, among other things, impose as a condition the payment of royalties. No prior approval or conditions shall be required for the use for any purpose of statutes, rules and regulations, and speeches, lectures, sermons, addresses, and dissertations, pronounced, read or rendered in courts of justice, before administrative agencies, in deliberative assemblies and in meetings of public character.

For the purpose of citation, the following is recommended:

Oafallas, Virgisary Alice C. *Si Tambing Butanding*. DepEd-BLR, 2019.

DEVELOPMENT TEAM

Writer: Virgisary Alice C. Oafallas


Illustrator: Nelson M. Vergara Jr.

Learning Resource Managers: Lorna C. Ragos

Analiza C. Almazan

Tagum City
Region XI

Si Tambing
Butanding



S

wishhhhhh...

swishhhhhh...swishhhhhh...

swishhhhhh...swishhhhhh...


swishhhhhh...

woosshhhh...woosshhhh...

woosshhhh...woosshhhh...

Mga tunog na nililikha ng mga
kampay at paglangoy ng
dambuhalang si Tambing
Butanding.






Sa lahat ng mga butanding sa kaharian ng karagatan ay pinakamalaki si Tambing. Bukod sa likas na malalaki ang mga butanding, si Tambing ang pinakamalakas kumain sa kanilang lahat.

Maya't maya ay nagmemeryenda ito ng mga halamang dagat. Dalawang beses din ang almusal, tanghalian at hapunan nitong maliliit na isda. Kaya pagkalaki-laki na nga ni Tambing!






“Wooh-hoo...Yipee!” masayang sambit ni Tambing habang gumigiling ang mahaba at mabilog na katawan sa malawak na karagatan.

“Ang sayang lumangoy, kaibigan!” wika ni Tonyong butanding sa kaibigang si Tambing.

“Tama ka, kaibigang Tonyo pero nakakagutom talaga ang paglangoy,” sabay turo ni Tambing sa tiyan gamit ang buntot.

“Ano gutom ka na kaagad? Kakatapos pa lang nating magmeryenda,” hindi makapaniwala si Tonyo sa kaibigan.







“Nagugutom na nga talaga ako, Tonyo. Lumapit ka sa tiyan ko at maririnig mo ang pagkalam ng aking sikmura,” matamlay na sabi nito.

Klllluuu...klllluuu...klllluuu...
klllluuu!... ang malakas na tunog ng sikmura,” ni Tambing.

“Aba-aba!, totoo nga! Ang lakas ng tunog ng tiyan mo Tambing!” pagsang-ayon naman ni Tonyo.






“Uuwi na muna ako Tonyo, tiyak maraming handang maliliit na isda ngayon si ina,” umaasam na wika nito sa kaibigan.

“O sige, Tambing umuwi ka na muna at lalangoy na muna ako,” pagpapadalam din nito kay Tambing.





Pagka-uwi ay kaagad niyang hinanap ang ina.


“Ang bilis naman ng pagbabalik mo, anak. Hindi ka ba nasiyahan sa paglangoy?” tanong ng ina.

“Gutom na po kasi ako. May makakain na po ba?” sabik na tanong ni Tambing.

“Oo, anak may maliliit na isda ng nakaipon sa batyang kabibe,” sagot nito.

“Yehey! Makakakain na ako! May mga halamang dagat din ba ina?” tanong ni Tambing.






“Anak, dahan-dahan lang sa pagkain baka sa bigat mo ay mahihirapan ka ng lumangoy,” paalala nito.

“Opo, pangako bukas magdidiyeta na ako,” nakangising sagot niya.

“Hihihi...palabiro ka, sinabi mo na iyan noong nakaraang linggo subalit labis-labis pa rin ang kain mo at mas malaki ka pa sa akin!” natatawang bulalas nito.

Nakangiti pa ring nilasap ni Tambing ang mga isda.







Nagpatuloy ang labis na pagkain ni Tambing. Palaki siya nang palaki! Hanggang sa nauubos na niya ang mga halamang dagat at maliliit na isdang malapit sa kanilang tahanan. Kaya lumangoy siya sa malayo para maghanap ng pagkain.

Nakakita siya ng libo-libong maliliit na isda. Naghugis puso ang kaniyang mga mata sa sobrang tuwa!

“Yahooo...kainan na!” hiyaw ni Tambing.





Ngunit biglang may malakas na
puwersang humila kay Tambing.
Nahuli siya ng mga mangigisda!
Siya ngayon ay nakasilid sa
kanilang mala-higanteng lambat.

“Aba!, mga kasama
napakalaking isda naman nitong
ating nahuli. Tiba-tiba ang kita natin
dito!” masiglang wika ng isang
mangingisda.

“Oo nga, sabay-sabay nating
hilahin mga kasama,” sagot naman
ng tatlong kasama nito.



Takot na takot si Tambing! Tiyak kakatayin at malamang ipiprito siya ng mga ito. Nagmamadaling mag-isip si Tambing ng maaari niyang gawin upang makawala sa lambat.


Siya ay nagpupumiglas nang nagpupumiglas subalit hirap na hirap siya dahil na rin sa labis na laki niya. Mas lalo namang binilisan ng mga mangigisda ang paghila sa lambat.






“Yaaaa...Ahhhh...” buong lakas na paghila ng mga ito. Ngunit dahil sa laki ni Tambing ay napunit ang isang bahagi ng lambat na siyang naging dahilan upang makalabas ng lambat ang butanding.

Kaagad na lumangoy ang dambuhalang butanding ngunit pinaandar ng mga mangigisda ang de-motor na bangka upang muling hulihin siya.







Swishhhhhh...

swishhhhhh...swishhhhhh...

swishhhhhh...swishhhhhh...

swishhhhhh...

woosshhhh...woosshhhh...


woosshhhh...woosshhhh,

tunog ng paghampas ng katawan
ng butanding sa tubig.

“huh...huh...huh,” hingal na
hingal naman ang malaking
butanding.

Abot-abot ang kaba na bumalot
sa buong puso ng napakalaking
butanding. Sa isip niya kung hindi
sana sa sobrang bigat ay mas
mabilis siyang makakalayo.






“Brrrruuuuuuuummmmmmm...
tsuggggg...
tsuggggg...enngggggggggggggggg...
biglang napahinto ang makina ng
de-motor na bangka kung kaya
hindi na nila nahabol ang
papalayong butanding.

Subalit, balot pa rin sa takot si
Tambing. Napagtanto niyang
marami siyang kamalian sa sarili.
Masama talaga ang kahit na anong
bagay kapag napasobra. Kahit pala
ang mga nakakatakam na mga
pagkain ay hindi na kanais-nais
kapag napapalabis.



Simula noon ay naging dahan-dahan na sa pagkain si Tambing. Nangunguna na rin siya sa paligsahan sa paglangoy na siyang ehersisyo niya hindi katulad dati na ang ehersisyo niya ay tanging paglangoy patungo sa kusina.

Mas naging masigla at malusog na si Tambing ang dating labis sa tabang butanding.










Tungkol sa May-akda

Ang may-akda ay si Gng. **Virgisary Alice C. Oafallas**. Isang guro mula sa Mababang Paaralan ng Union, dibisyon ng Tagum City. Sa kasalukuyan siya ay nagtuturo ng asignaturang Agham at Araling Panlipunan sa ika-apat na baitang. Siya ay nagtapos ng kursong Bachelor of Elementary Education Major in Science and Health mula sa University of Southeastern Philippines. Nagpatuloy siya ng pag-aaral ng Master of Education Major in Educational Management at kumuha siya ng mga yunit ng Doctor of Education Major in Educational Management mula rin sa nasabing unibersidad.



Tungkol sa Tagaguhit

Ang gumuhit ay si G. **Nelson M. Vergara Jr.** Isang guro mula sa Mataas na Paaralan ng San Vicente, dibisyon ng Panabo City. Sa kasalukuyan siya ay nagtuturo ng asignaturang CSS NC II at Animation NC II sa ika-labing-isa at labindalawa na baitang. Siya ay nagtapos ng kursong Bachelor of Science in Information Technology mula sa Davao Del Norte State College.



Si Tambing Butanding

Swissshhhhhh...

swooshhhhhh....

sssssswoooooosshhhhhh...

Maririnig ang paghampas at
pagkampay ng lumalangoy na
matabang si Tambing Butanding.
Masayang lumalangoy si Tambing
upang maghanap ng makakaing
maliit na isda at halamang dagat.

Ngunit bigla nalang nabalot sa
napalaking lambat si Tambing!
Paano siya makakawala mula rito?
Hanggang kailan kaya
magagapos ang matabang si
Tambing Butanding?